## *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 53*
## *Ang Sulat ni Jesus sa simbahan ng Tiatira Yugto 5*

***"18 At sa anghel ng iglesia sa Tiatira ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Dios, na may mga matang gaya ng ningas ng apoy, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli:19 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagibig, at pananampalataya at ministerio at pagtitiis, at ang iyong mga huling gawa ay higit kay sa mga una. 20Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan. 21At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid. 22Narito, akin siyang iniraratay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kaniyang mga gawa. 23At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa. 24Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, sa mga iba na nasa Tiatira, sa lahat ng walang aral na ito, na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas, gaya ng sinasabi nila; hindi na ako magpapasan sa inyo ng ibang pasan. 25Gayon ma'y ang nasa inyo'y panghawakan ninyong matibay hanggang sa ako'y pumariyan. 26At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa: 27At sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal, gaya ng pagkadurog ng mga sisidlang lupa ng magpapalyok; gaya naman ng tinanggap ko sa aking Ama: 28At sa kaniya'y ibibigay ko ang tala sa umaga. 29Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia." (Pahayag 2:18-29)***

***"24 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, sa mga iba na nasa Tiatira, sa lahat ng walang aral na ito, na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas, gaya ng sinasabi nila; hindi na ako magpapasan sa inyo ng ibang pasan." (Pahayag 2:24)*** Gaya ng sinalita natin noong una nais ng Diyos sa Kanyang matatapat na tao sa simbahan ng Tiatira ay manindigan laban sa lahat ng mga dios diosan at ang kasamaan gaya ng ginawa ni Jezebel at Ahab. * Sinalita natin na nais ng Diyos na maging kagaya ni Elias, na huwag tumakas, ngunit manatili kung saan tayo inatalaga upang patuloy na gawin ang gawain ng Diyos at kung ano ang itinakda Niya sa atin upang gawin. * Ang Diyos sa pagbibigay ng takdang gawain kay Elias, mapapansin natin ang sumusunod na mga bagay na kailangan nating maunawaan upang magamit natin at mailapat sa ating ministerio sa Panginoon para manindigan at upang harapin ng may katapangan ang masasamang gaya ni Jezebel at ang kanyang mga tagasunod sa simbahan ng Tiatira ngayon.

***"15 At sinabi ng Panginoon sa kaniya, Ikaw ay yumaon, bumalik ka sa iyong lakad sa ilang ng Damasco: at pagdating mo, ay iyong pahiran ng langis si Hazael upang maging hari sa Siria." (1 Hari 19:15)*** Iyon ang isa sa kakila-kilabot na bagay na sinabi ng Diyos upang gawin ng Kanyang mga propeta. Hiniling ng Diyos kay Elias na pahiran ang isang hari para hitanong bansa at hindi para bayan ng Diyos. Iyon ay isnag bagay na nakapgtataka at hindi natin maalala sa Bibliya na nagpadala ang Diyos ng kanyang mga proprta upang pahiran ang isang hari para bansa na mga hitano ng mga Hentil. Ang Bibliya ay nagsasabi sa atin na tinawag ng Diyos ang mga hitanong mga hari at pahiran sila para maglingkod kay Haring Nebucadnessar at Haring Cyrus, ngunit para ipadala ang isang propeta mula sa Kanya na pumunta at magpahid, iyon ay binanggit lamang dito. Ang mga Syriano ay laban sa Israel, kaya't ano ang maiintindihan natin an ang pinahirang hari ang sasalakay at lilipol sa mga Israelita.

Tinawag din ni Elias dito si Eliseo upang maging isang propeta pagkatapos niya na siya sa huli para pahiran ang hari ng Syria. ***"16 At si Jehu na anak ni Nimsi ay iyong papahiran ng langis upang maging hari sa Israel: at si Eliseo na anak ni Saphat sa Abel-mehula ay iyong papahiran ng langis upang maging propeta na kahalili mo.17 At mangyayari na ang makatanan sa tabak ni Hazael ay papatayin ni Jehu: at ang makatanan sa tabak ni Jehu ay papatayin ni Eliseo.18 Gayon ma'y iiwan ko'y pitong libo sa Israel, lahat na tuhod na hindi nagsiluhod kay Baal, at lahat ng bibig na hindi nagsihalik sa kaniya." (1 Hari 19:16-18)*** Narito din ang mga detalye kung paanong pinahiran ni Elias si Eliseo, ***"19 Sa gayo'y umalis siya roon at nasumpungan niya si Eliseo na anak ni Saphat, na nag-aararo, na may labing dalawang parehang baka sa unahan niya, at siya'y kasabay ng ikalabing dalawa: at dinaanan siya ni Elias at inihagis sa kaniya ang balabal niya.20 At kaniyang iniwan ang mga baka, at tumakbong sinundan si Elias, at sinabi, Isinasamo ko sa iyo na pahagkan mo sa akin ang aking ama at aking ina, at susunod nga ako sa iyo. At sinabi niya sa kaniya, Bumalik ka uli; sapagka't ano ang ginawa ko sa iyo? 21 At siya'y bumalik na mula sa pagsunod sa kaniya, at kinuha ang parehang mga baka, at pinatay ang mga yaon, at inilaga ang laman ng mga yaon sa pamamagitan ng mga kasangkapan ng mga baka, at ibinigay sa bayan, at kanilang kinain. Nang magkagayo'y tumindig siya, at sumunod kay Elias, at naglingkod sa kaniya." (1 Hari 19:19-21)***

Sa gayon pagkatapos ng pgakamatay ng Elias, ipinadala ng Diyos si Eliseo upang pahiran si Hazael. Ating basahin kung paanong si Hazael ay pinahiran para maging hari sa Syria at kung paanong inayos ng Panginoon ang mga pangyayari para sa ganoong mahalagang pangyayari para maganap. ***"8 At si Eliseo ay naparoon sa Damasco; at si Ben-adad na hari sa Siria ay may sakit: at nasaysay sa kaniya, na sinabi, Ang lalake ng Dios ay naparito.8 At sinabi ng hari kay Hazael, Magdala ka ng isang kaloob sa iyong kamay, at yumaon kang salubungin mo ang lalake ng Dios, at magusisa ka sa Panginoon sa pamamagitan niya, na magsabi, Gagaling ba ako sa sakit na ito?9 Sa gayo'y naparoon na sinalubong siya ni Hazael, at nagdala siya ng kaloob, ng bawa't mabuting bagay sa Damasco, na apat na pung pasang kamelyo at naparoon at tumayo sa harap niya, at nagsabi, Sinugo ako sa iyo ng anak mong si Ben-adad na hari sa Siria, na sinasabi, Gagaling ba ako sa sakit na ito?10 At sinabi ni Eliseo sa kaniya, Ikaw ay yumaon, sabihin mo sa kaniya, Walang pagsalang ikaw ay gagaling? gayon ma'y ipinakilala sa akin ng Panginoon na siya'y walang pagsalang mamamatay.11 At kaniyang itinitig ang kaniyang mukha, hanggang sa siya'y napahiya: at ang lalake ng Dios ay umiyak.12 At sinabi ni Hazael, Bakit umiyak ang panginoon ko? At siya'y sumagot, Sapagka't talastas ko ang kasamaan na iyong gagawin sa mga anak ni Israel: ang kanilang mga katibayan ay iyong sisilaban ng apoy, at ang kanilang mga binata ay iyong papatayin ng tabak, at mga pagpuputol-putulin ang kanilang mga bata, at iyong paluluwain ang bituka ng mga babaing buntis.13 At sinabi ni Hazael, Nguni't ano ang iyong lingkod na isang aso lamang na kaniyang gagawin ang dakilang bagay na ito? At sumagot si Eliseo, Ipinakilala sa akin ng Panginoon, na ikaw ay magiging hari sa Siria.14 Nang magkagayo'y nilisan niya si Eliseo, at naparoon sa kaniyang panginoon; na nagsabi sa kaniya, Ano ang sabi ni Eliseo sa iyo? At siya'y sumagot, Kaniyang sinaysay sa akin na walang pagsalang ikaw ay gagaling.15 At nangyari, nang kinabukasan, na kaniyang kinuha ang munting kumot at binasa sa tubig, at iniladlad sa kaniyang mukha, na anopa't siya'y namatay: at si Hazael ay naghari na kahalili niya." (2 Hari 8:7-15)*** Sinabi ni Eliseo sa kanya na siya ay magiging hari, "***At sinabi ni Hazael, Nguni't ano ang iyong lingkod na isang aso lamang na kaniyang gagawin ang dakilang bagay na ito? At sumagot si Eliseo, Ipinakilala sa akin ng Panginoon, na ikaw ay magiging hari sa Siria." (2 Hari 19:13)*** Hindi siya pinatungan ng kamay ni Eliseo dito at hindi siya nilagyan ng langis gaya ng ginagawa nila upang pahiran ang mga hari ng Israel. Alinman dahil kinasusuklaman ang paggawa ng ganoon dahil sa kapahamakan na gagawin ng taong ito laban sa bayan ng Diyos. Nang sinabi ni Eliseo kay Hazael na siya ay magiging hari na nag-udyok sa kanya na patayin ang kasalukuyang hari. Sinabi din ni Eliseo sa kanya ng malinaw kung anong kapahamakan na dadalhin niya sa Israel. "***Sapagka't talastas ko ang kasamaan na iyong gagawin sa mga anak ni Israel: ang kanilang mga katibayan ay iyong sisilaban ng apoy, at ang kanilang mga binata ay iyong papatayin ng tabak, at mga pagpuputol-putulin ang kanilang mga bata, at iyong paluluwain ang bituka ng mga babaing buntis." (2 Hari 8:12)*** Sinabi ni Eliseo na papatayin niya ang mga lalake at ang mga anak ng Israel at papaluwain niya ang bituka ng mga babaing buntis na buhay at kukunin ang kanilang mga anak palabas mula sa kanilang mga tiyan at papatayin sila. Iyon ang isa sa kakila-kilabot na mga bagay na ang sinabi ng Banal na Kasulatan sa atin. Bakit hinayaan iyon ng Diyos?

1. Upang hatulan ang Kanyang bayan at parusahan sila, na sumunod kay Jezabel at sa lahat ng kanyang kasamaan. Ang kamatayan ang huling lunas ng Diyos upang tuldukan at pigilan ang kanyang simbahan mula sa pagpapatuloy ng paggawa ng masama.
2. Upang ipaghiganti ang dugo ng Kanyang mga lingkod ang mga propeta.
3. Gagawin ng Diyos ang ganoon upang paginhawain ang Kanyang mga alagad at sa Kanyang mga propeta mula sa mga pinsala ni Jezabel at ng kanyang mga tagasunod. Gagawin ng Diyos ang ganooon sapagkat gusto Niyang protektahan ang 7000 na masunurin sa Diyos at handang sumunod sa Diyos gaya ng sinabi Niya kay Elias, ***"18 Gayon ma'y iiwan ko'y pitong libo sa Israel, lahat na tuhod na hindi nagsiluhod kay Baal, at lahat ng bibig na hindi nagsihalik sa kaniya." (1 Hari 19:18)*** Sa gayon kailangan natin na sumunod sa Diyos at gawin kahit ang kakila-kilabot para sa Kanya upang maging ligtas at protektado.
4. Gagawin ng Diyos ang ganoon, upang ang Kanyang bayan ay magsisi at magsimulang maglingkod sa Kanya.

Pinagtibay ng Diyos ang ganoong kapahamakan na ipinahintulot Niya na mangyari sa mga sinulat ng propetang si Hosea nang sinabi Niya ang sumusunod tungkol sa Samaria na ipinatayo ni Ahab. ***"Tataglayin ng Samaria ang kaniyang sala; sapagka't siya'y nanghimagsik laban sa kaniyang Dios: sila'y mangabubuwal sa pamamagitan ng tabak; ang kanilang mga sanggol ay pagluluraylurayin at ang kanilang mga nagdadalang tao ay paluluwain ang bituka." (Hosea 13:16)*** Kaya pinahiran ng Diyos si Hazael sa pamamagitan ng paglilingkod ni Elias at Eliseo upang lipulin ang Kanyang masamang bayan, at ito'y sinangayunan sa sinabi ni Jesus noong 90 AD sa pamamagitan ng Kanyang lingkod na si Juan, ***"At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa." (Pahayag 2:23)*** Ginawa ng Diyos ang katulad sa mga Judio na umusig sa Kanyang mga apostoles nang nilipol niya sila sa paggamit sa Emperio ng Roma na nagwasak sa templo ng Diyos noong 70 AD nang nilipol nila ang Jerusalem.

Pinagtibay ba iyon ni Jesus sa Bagong Tipan o pinawalang sala ito? Oo, pinagtibay ni Jesus ang ganoong kapahamakan at ang kaparusahan sa Kanyang bayan nang sinabi Niya, ***"At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa." (Pahayag 2:23)*** Ipinagbili ng

Kanyang bayan ang kanilang sarili para gumawa ng masama sa anyo ng immoralidad, pagdiriwang ng mga kapistahan ng mga dios diosan at pagkain ng kanilang pagkain, pagsasagawa ng mga politika at katiwalian sa simbahan, nilalaro ang simbahan, paggamit sa tanggapan at pamahalaan ng simbahan para sa ikabubuhay, pag-agaw sa mga ministerio ng mga matatapat na tao at paguusig sa mga totoong mga propeta na nagsasaway sa kanila sa kanilang mga kasalanan. * Oo ipinahintulot ni Jesus at pinahiran ang mga hari ng mga Hentil, ang mga hindi mananampalataya, upang lipulin ang Kanyang bayan na nagsasabuhay ng kanilang buhay gaya ng kay Jezebel at sa kanyang mga tagasunod sa simbahan ng Tiatira. * Ang mensaheng ito ay isang makahulang mensahe, ipinapahayag ng Panginoon na tutuparin ang Kanyang salita at papahirana ng ilang mga lalaking Hentil upang maging mga pinuno para sa mga bansa na gagamitin ng Diyos upang lipulin ang Kanyang masasamang tao sa simbahan at iyon ang magiging maliwanag at malinaw sa mga simbahan upang mapagtanto na pagbabayarin ng Diyos ang bawat isa ayon sa kanyang gawa gaya ng Kanyang ipinangako.

Sa mga masasama sa simbahan ng Tiatira ay ipinagbili ang kanilang sarili na gumawa ng masama kaya naman ipinadala ng Diyos ang Kanyang paghatol sa kanila. Kahit na sa kasalukuyang simbahan ngayon sa buong mundo ay katulad ng simbahan ng Tiatira. Mayroon akong patotoo tungkol doon. Kani-kanina lamang ang isang kapatid na Babae ay may sinabi sa akin, siya ay nagsasalin ng aking isinulat na English na mensahe sa Tagalog. Sinabi ko na sa kanya na gamitin ang King James Version sa pagsasalin, kaya siya ay lumapit sa akin habang siya ay nagsasalin ng mensahe tungkol sa pag-aasawa ni Jose at Maria, at sinabi niya sa akin na ang Salitang 'Birhen', ay wala doon sa tagalog na pagkakasalin, gayundin natagpuan niya na ginagamit nila ang mga katagang katipang lalake at katipang babae. Kaya dito makikita natin kung paanong ang simbahan ngayon ay ipinagbili ang kanilang sarili upang gumawa ng masama; kapag binasa ng mga tao ang Bibliya at natagpuan nila na ang batang lalake at batang babae ay dapat panatilihin ang kanilang mga sariling birhen hanggang mag-asawa at matatagpuan nila na ang kasintahang lalake at kasintahang babae ay nasa Salita ng Diyos, sa gayon sila ay inakit at pumaroon sa paggawa ng masama at mahuhulog sa imoralidad.

Sa gayon, ang Panginoon ay magtatanong sa atin na gawin ang ilang mga bagay na maaring magalit ang iba at magsanhi sa kanila na kamuhian tayo ngunit kailangan natin tumalima sa Diyos at gawin ang ating takdang gawain ng maayos upang paluguran ang Panginoon. Katulad sa sulat na ipinadala ni Jesus sa pamamagitan ni Juan sa simbahan sa Tiatira, 'Naiisip mo ba ang mga taong katulad ni Jezabel at ang kanyang mga tagasunod sa simbahang iyon ay iibigin si Juan o kamumuhian siya? Maaring sila'y magsisi, ngunit napakaposible na kamuhian din nila siya. Ngayon, dito, habang tayo'y naninindigan sa Diyos, tayo ay manalangin, 'Panginoon hayaan mong ang iyong hulang mensahe na ibinigay mo sa amin ngayon ay magkatotoo sa pangalan ni Jesus at hayaan na ang mga Simbahan ng Diyos at ang mga Simbahan ni Cristo na handang magsisi ay haharapin mo, kahit, sa kasuklam suklam na paraan na iyong itinalaga, sa pangalan ni Jessus, Amen.

Tayo ay magpatuloy sa mga pangyayari sa ginawa ni Hazael. Nakipaglaban siya sa Israel at nasugatan si Joram ang anak ni Ahab, na sa kanyang pagbabalik upang bawiin ang Jezrel na pinatay ni Jehu na pinahiran ng isa sa mga propeta na ipinadala ni Eliseo, Ating basahin ang pangyayaring ito, ***"1 At tinawag ni Eliseo na propeta ang isa sa mga anak ng mga propeta at nagsabi sa kaniya, Bigkisan mo ang iyong mga balakang, at hawakan mo ang sisidlang ito ng langis sa iyong kamay, at pumaroon ka sa Ramoth-galaad.*** (Dito ang langis ay ginamit upang pahiran)***2 At pagdating mo roon, hanapin mo roon si Jehu na anak ni Josaphat na anak ni Nimsi, at iyong pasukin at patayuin mo sa gitna ng kaniyang mga kapatid, at dalhin mo siya sa isang silid sa loob.3 Kung magkagayo'y kunin mo ang sisidlan ng langis, at ibuhos mo sa kaniyang ulo, at iyong sabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon, Pinahiran kita upang maging hari sa Israel. Kung magkagayo'y buksan mo ang pintuan, at ikaw ay tumakas at huwag kang maghintay.4 Sa gayon ang binata, sa makatuwid baga'y ang binatang propeta, ay naparoon sa Ramoth-galaad.5 At nang siya'y dumating, narito; ang mga punong kawal ng hukbo ay nangakaupo: at kaniyang sinabi, Ako'y may isang sadya sa iyo, Oh punong kawal. At sinabi ni Jehu, Sa alin sa aming lahat? At kaniyang sinabi, Sa iyo, Oh punong kawal.6 At siya'y tumindig at pumasok sa bahay, at kaniyang ibinuhos ang langis sa kaniyang ulo, at nagsabi sa kaniya, Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel. Aking pinahiran ka upang maging hari sa bayan ng Panginoon, sa makatuwid baga'y sa Israel.7 At iyong sasaktan ang sangbahayan ni Achab na iyong panginoon, upang aking ipaghiganti ang dugo ng aking mga lingkod na mga propeta, at ang dugo ng lahat na lingkod ng Panginoon sa kamay ni Jezabel.*** (Dito ang pagpapahid kay Jehu ay upang ipaghiganti ang mga tao at ang mga propeta at upang protektahan ang natitirang 7000 na masunurin sa Diyos) ***8 Sapagka't ang buong sangbahayan ni Achab ay malilipol: at aking ihihiwalay kay Achab ang bawa't batang lalake, at ang nakulong at ang naiwan sa kaluwangan sa Israel.***9 ***At aking gagawin ang sangbahayan ni Achab na gaya ng sangbahayan ni Jeroboam na anak ni Nabat, at gaya ng sangbahayan ni Baasa na anak ni Ahia.10 At lalapain ng mga aso si Jezabel sa putol ng lupa ni Jezreel, at walang maglilibing sa kaniya. At kaniyang binuksan ang pintuan, at tumakas.11 Nang magkagayon, nilabas ni Jehu ang mga lingkod ng kaniyang panginoon: at sinabi ng isa sa kaniya, Lahat ba'y mabuti? bakit naparito ang ulol na taong ito sa iyo? At sinabi niya sa kanila, Inyong kilala ang lalake at ang kaniyang pananalita.12At kanilang sinabi, Kabulaanan nga; saysayin mo sa amin ngayon. At kaniyang sinabi, Ganito't ganito ang sinalita niya sa akin, na sinasabi, Ganito ang sabi ng Panginoon: Pinahiran kita ng langis upang maging hari sa Israel.13 Nang magkagayo'y sila'y nangagmadali, at kinuha ng bawa't isa ang kaniyang kasuutan, at inilagay sa ilalim niya sa ibabaw ng***

***hagdan, at humihip ng pakakak, na nagsasabi, Si Jehu ay hari.14 Ganito, si Jehu na anak ni Josaphat, na anak ni Nimsi, nanghimagsik laban kay Joram. (Iningatan nga ni Joram ang Ramoth-galaad niya at ng buong Israel, dahil kay Hazael na hari sa Siria;15 Nguni't bumalik ang haring Joram upang magpagaling sa Jezreel ng mga sugat na isinugat sa kaniya ng mga taga Siria, nang siya'y lumaban kay Hazael na hari sa Siria.) At sinabi ni Jehu, Kung ito ang inyong isipan, huwag tumanan ang sinoman at lumabas sa bayan, upang yumaon na saysayin sa Jezreel.16 Sa gayo'y sumakay si Jehu sa karo at naparoon sa Jezreel; sapagka't si Joram ay nahihiga roon. At si Ochozias na hari sa Juda ay bumaba upang tingnan si Joram.17 Ang tagatanod nga ay tumayo sa moog sa Jezreel, at kaniyang tinanaw ang pulutong ni Jehu habang dumarating siya, at nagsabi, Ako'y nakakakita ng isang pulutong. At sinabi ni Joram, Kumuha ka ng isang mangangabayo, at iyong suguin na salubungin sila, at magsabi, Kapayapaan ba?18 Sa gayon naparoon ang isa na nangangabayo na sinalubong siya, at nagsabi, Ganito ang sabi ng hari, Kapayapaan ba? At sinabi ni Jehu, Anong ipakikialam mo sa kapayapaan? bumalik kang kasunod ko. At isinaysay ng tagatanod, na sinasabi, Ang sugo ay dumating sa kanila, nguni't siya'y hindi bumabalik.19 Nang magkagayo'y nagsugo ng ikalawa na nangangabayo na dumating sa kanila, at nagsabi, Ganito ang sabi ng hari, Kapayapaan ba? At sumagot si Jehu, Ano ang iyong ipakikialam sa kapayapaan? bumalik kang kasunod ko.20 At isinaysay ng tagatanod, na sinasabi, Siya'y dumating hanggang sa kanila, at hindi bumabalik: at ang pagpapatakbo ay gaya ng pagpapatakbo ni Jehu, na anak ni Nimsi; sapagka't siya'y nagpapatakbo na magilas.21 At sinabi ni Joram, Magsingkaw. At kanilang isiningkaw ang kaniyang karo. At si Joram na hari sa Israel at si Ochozias na hari sa Juda ay nagsilabas, bawa't isa sa kaniyang karo, at sila'y nagsilabas upang salubungin si Jehu, at nasumpungan nila siya sa putol ng lupa ni Naboth na Jezreelita.22 At nangyari, nang makita ni Joram si Jehu, na kaniyang sinabi, Kapayapaan ba Jehu? At siya'y sumagot. Anong kapayapaan, habang ang mga pakikiapid ng iyong inang si Jezabel at ang kaniyang panggagaway ay totoong lumalala?23 At ipinihit ni Joram ang kaniyang mga kamay, at tumakas, at nagsabi kay Ochozias. May paglililo, Oh Ochozias.24 At binunot ni Jehu ang kaniyang busog ng kaniyang buong lakas, at sinaktan si Joram sa pagitan ng kaniyang mga balikat, at ang pana ay lumagpas sa kaniyang puso, at siya'y nabuwal sa kaniyang karo." (1 Hari 9:1-24)*** Nilipol ni Jehu ang sangbahayan ni Ahab, na pumatay sa totoong mga lingkod at totoong mga propeta ng Diyos. Sa ganoon, pinangalagaan at iniligtas ang Kanyang mga propeta mula kay Jezabel at sa kanyang masasamang tagasunod. Kapag ang Diyos ay may ginagawa ng ganoong mga bagay at tayo ay sumangayon sa Kanya at gumawa kamay sa kamay kasama Niya, sa gayon tayo ay mapoprotektahan. Narito tinupad ng Diyos ang Kanyang sinabi kay Elias, ***"16 At si Jehu na anak ni Nimsi ay iyong papahiran ng langis upang maging hari sa Israel: at si Eliseo na anak ni Saphat sa Abel-mehula ay iyong papahiran ng langis upang maging propeta na kahalili mo.17 At mangyayari na ang makatanan sa tabak ni Hazael ay papatayin ni Jehu: at ang makatanan sa tabak ni Jehu ay papatayin ni Eliseo." (1 Hari 19:16-17)*** Inayos ng Diyos ang mga pangyayari upang ganap na malipol ang kasamaan, upang paginhawain ang Kanyang bayan, at pinahiran Niya ang ilang mga tao upang gawin ang ganoon. Sa parehong paraan, ang hindi nalipol ng paglindol, ay kukunin ng pagbaha, at ang natitira pagkatapos ng baha ay malilipol ng COVID-19, at ang hindi nalipol ng COVID-19 ay malilipol ng mga digmaan, at ang hindi nalipol ng digmaan ay kukunin ng taggutom at mga pagbagsak sa pananalapi, at iba pa hanggang maganap ni Jesus ang Kanyang buong paghatol laban sa ganyang mga simbahan.

Ang karagdagang kapahamakan na ginawa ng Diyos sa pamamagitan ni Hazael ang hari ng Syria para lipulin ang Kanyang hindi nagsisising bayan mababasa natin dito, ***"3 At ang galit ng Panginoon ay nagalab laban sa Israel, at palagi niyang ibinigay sila sa kamay ni Hazael na hari sa Siria, at sa kamay ni Ben-adad na anak ni Hazael. At pinighati ni Hazael na hari sa Siria ang Israel sa lahat ng kaarawan ni Joachaz." (2 Hari 13:3,22)*** Ako'y lubos na nahikayat at naniwala na ang kasalukuyang kalagayan ng mga simbahan ngayon ay katulad ng simbahan ng Tiatira, at gagamitin ng Panginoon ang mga hari ng sanglibutan upang tuparin ang kanyang ganap na paghatol sa kanila.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang Panginoon ay patuloy na ipagtatanggol tayo at ibibigay ang para sa atin, ngunit kailangan natin panatihin ang lugar na itinalaga para sa atin; kahit na tayo ay itinalaga sa simbahan ng Tiatira, kailangan nating manatili at manindigan at salungatin ang masamang gawain at gawin ang ating takdang gawain ng maayos sa Diyos, na patuloy na magpapahid sa atin at ibibigay sa atin ang ilang mga iuutos na kailangan nating gawin upang kamitin ang Kanyang kalooban; para dalhin ang paghatol ng Diyos sa masasama, upang protektahan ang ating sarili at sa mga handang sumunod at para bigyan ng pagkakataon ang masama na magsisi at bumalik sa Diyos at magsimulang maglingkod sa Kanya.

Tayo ngayon ay lumapit sa Diyos sa pagsasagawa ng mga simulain na ating natutunan mula sa Diyos, na huwag tumakas, kundi labanan ang diablo, sa pagbabalik sa ating takdang gawain at mga ministerio at pagtatalagang muli ng ating sarili sa Diyos upang tapusin ang gawain na nais Niyang gawin natin upang kamitin para sa Kanya. Gawin natin ang ating pinakamahusay na patuloy mamuhay sa kabanalan, at upang patuloy na magpokus sa mga tungkulin na ipinagkatiwala sa atin at gawin ang mga gawain na nais Niyang gawin natin. Tayo'y magtiwala sa Diyos na siya ang may buong pagpipigil at aayusin Niya ang mga bagay ayon sa Kanyang plano at kalooban. Patuloy nating ibigay ang mensahe sa sinumang ipapadala ng Diyos sa atin. Patuloy tayong manindigan sa diablo at laban sa kasalanan at laban sa mga ginagamit ng dibalo gaya ni Ahab at Jezabel. Tayo'y

manindigan sa lahat ng mga hamong ito at patuloy na gawin ang iba't ibang mabubuting gawain at ng Kanyang pagseserbisyo sa kabanalan at sa kadalisayan. Patuloy tayong pumaroon at gumawa ng mga alagad bautismuhan sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espíritu. Patuloy nating ipatong ang ating mga kamay at pahiran ang bagong mga tao na gawin ang paglilingkod at ang ministerio ng Diyos gaya ng ipinakita Niya sa atin.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat para sa iyong Salita na humikayat sa akin na patuloy na maglingkod sa iyo nababatid na ang ibang mga tao ay naninindigan ng katulad sa iyong simbahan at mayroong parehong pagdurusa ng aking pinagdaraanan.*

*Ipagtapat ang iyong mga kasalanan ngayon sa Diyos. Panginoon patawarin ako sa mga sumusunod na mga kasalanan ___________________. Magsisi sa pagkatakot sa tao at mula sa pagtakas sa paggawa ng mga takdang gawain ng lubos sa Panginoon.*

*Panginoon aking itinatalaga ang aking sarili para tumalima sa iyong Salitang ito na tinanggap ko sa mensaheng ito. Panginoon itinatalaga ko ang aking sarili na manindigan laban sa kasamaan, kasakiman, maling mga aral, immoralidad, at lahat ng panukala ng diablo. Panginoon ako'y handang pumaroon at gawin ang lahat ng mga takdang gawain na ipinagkatiwala upang gawin ko, upang magebanghelyo abutin ang bagong bayan at gumawa ng bagong mga alagad.*

*Panginoon, aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na Lalake at Babae na tinanggap ang iyong Salita at handang isabuhay ang kanilang buhay at maglingkod sa iyo at magpakasakit para iyong Salita. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon iligtas sila mula sa lahat ng pag-uusig at ang mga pagsalakay ng diablo.*

*Panginoon pagpalain kami at alalayan kami bilang simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin para pumaroon sa paglilingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain at kalooban. Panginoon, kami'y nanalangin na paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa iyong simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa Pagpapatupad ng Buong Kalooban ng Diyos'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain. Sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 53. Ang sulat ni Jesus sa simbahan ng Tiatira Yugto 5. Pahayag 2 :18-29. 1 hari 19 :15-21. 2 hari 8 :7-15. Hosea 13 :16. 2 Hari 9 :1-24. 2 Hari 10 :32. 2 Hari 13 :3, 22.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)

ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com